


# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 7: Patakarang Pananalapi



**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikatlong Markahan – Modyul 7: Patakarang Pananalapi**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Aileen N. Geografo, Maristella S. Inid, Rona S. Bicoy
<b>Editor:</b>	Monina R. Antiquina, Nelson S. Lasagas
<b>Tagasuri:</b>	Monina R. Aniquina, Ronillo S. Yarag, Edgardo S. Cabalida, Ramel P. Cael
<b>Tagaguhit:</b>	Pilar K. Mangila
<b>Tagalapat:</b>	Leo Martinno O. Alejo, Cherry Ann R. Varon
<b>Tagapamahala:</b>	Isabelita M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Virgilio P. Batan Jr. Amelinda D. Montero Ronillo S. Yarag Edgardo S. Cabalida

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City  
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789  
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

## **Ikatlong Markahan – Modyul 7: Patakarang Pananalapi**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ang pag-unlad ng isang bansa ay hindi nakakamit sa isang pitik lang ng ating mga daliri. Napakalawak at napakasalimuot ng ating ekonomiya dulot ng pinagsama-samang sektor na nakikibahagi sa pagpapalago nito. Nadagdagan pa sa mga suliraning hinaharap natin tulad ng kahirapan, kakulangan sa trabaho, kurapsiyon at iba pa. Sa kabila nito patuloy pa rin tayong nagsusumikap na mapagtagumpayan ito at makaahon tayo sa hirap na hamon ng buhay. Kung titignan natin ang pambansang ekonomiya isa sa mga nakakatulong sa pagpapaunlad nito ay ang sektor ng pananalapi. Ang salapi ang nakakaapekto o nakakaimpluwensiya sa kabuuang produksiyon, empleyo, antas ng interes at presyo. Dapat pangasiwaang mabuti ang sektor ng pananalapi at alamin natin kung ano – ano ang mga sektor na bumubuo dito para mapangalagaang mabuti ang sektor ng ating pananalapi. Dahil ang salapi ay isa sa mahalagang bahagi sa buhay ng tao, ngunit ang pangangasiwa nito ay napakalaking hamon ng ating gobyerno. Ang pagdami ng salapi sa sirkulasyon ay maaaring magdulot ng kasaganahan o problema sa mga mamamayan kaya't ibayong pag – iingat at matalinong pamamahala ay kailangan upang mapanatili ang kaayusan sa ekonomiya.

Pagkatapos ng pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

1. makapagpapaliwanag sa mga layunin ng patakarang pananalapi.  
– **AP9MAK-IIIh-18**
2. makapagpapahayag sa mga kahalagahan ng papel na ginagampanan ng bawat sektor ng pananalapi.  
– **AP9MAK-IIIi-19**
3. matutukoy ang mga bumubuo sa sektor ng pananalapi.  
– **AP9MAK-IIIi-20**



## ***Subukin***

**Isulat ang titik ng pinakatamang sagot sa sagutang papel.**

1. Ang ipinapatupad ng Bangko Sentral ng Pilipinas kung saan ibinaba ang interes sa pagpapautang para maraming mamumuhunan ang mahihikayat na humiram ng pera para idagdag sa negosyo.
  - a. contractionary money policy
  - b. expansionary money policy
  - c. demand money policy
  - d. supply money policy
  
2. Anong bangko ang itinatag upang mapangalagaan ang kabuuang ekonomiya ng bansa?
  - a. Bangko Sentral ng Pilipinas
  - b. Development Bank of the Philippines
  - c. Land Bank of the Philippines
  - d. Rural Banks of the Philippines
  
3. Sangay ng pamahalaan na naatasang magbigay – proteksiyon sa mga depositor at tumulong na mapanatiling matatag ang sistemang pinasiyal sa bansa.
  - a. Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)
  - b. Department of Finance (DOF)
  - c. Securities and Exchange Commission (SEC)
  - d. Insurance Commission (IC)
  
4. Sa anong ahensya ng gobyerno napasailalim ang Security and Exchange Commission?
  - a. Department of Finance (DOF)
  - b. Bangko Sentral ng Pilipinas
  - c. Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)
  - d. Development Bank of the Philippines
  
5. Kapag ang demand ay mas mabilis na tumaas kaysa produksiyon, ano ang mangyayari?
  - a. bababa ang presyo ng mga bilihan
  - b. tataas ang presyo ng mga bilihan
  - c. hindi tataas o bababa ang presyo ng mga bilihan
  - d. hindi tataas ang presyo ng mga bilihan

6. Ang polisiyang ipinapatupad ng BSP para mabawasan ang paggasta ng sambahayan at ng mga mamumuhunan.
- expansionary money policy
  - contractionary money policy
  - demand money policy
  - supply money policy
7. Ang mga sumusunod ay uri ng mga bangko, maliban sa \_\_\_\_\_
- Rural Banks
  - Thrift Banks
  - Commercial Banks
  - GSIS
8. Ang bangkong pag – aari ng pamahalaan na itinatag upang tumugon sa mga tiyak na layunin ng pamahalaan.
- Thrift Banks
  - Rural Banks
  - Land Bank of the Philippines
  - Specialized Government Banks
9. Ano ang tawag sa institusyong di – bangko na itinatag upang magpautang sa mga taong madalas mangangailangan ng pera at walang paraan upang makalapit sa mga bangko?
- pawnshop
  - insurance companies
  - pre – need companies
  - kooperatiba
10. Ang mga sumusunod ay mga tinatawag na regulator, maliban sa isa \_\_\_\_\_.
- BSP
  - PDIC
  - RISK MANAGEMENT
  - DBP

## Aralin

# 1

# Patakarang Pananalapi



### *Mga Tala para sa Guro*


Ang guro ay magbibigay ng karagdagang kaalaman sa gagawing pag-aaral sa modyul na ito. Ang mga mag-aaral ay kailangang basahin ng mabuti ang panuto sa bawat gawaing inihanda sa modyul na ito. At gabayan ang mga mag-aaral sa mga gawaing inihanda para lubos itong maintindihan. Pagkatapos iwasto ng guro ang lahat ng natapos na gawain ng mga mag-aaral.





## **Tuklasin**

Pansinin ang mga larawan sa ibaba. Paano nauugnay ang bawat isa? Sagutan ito sa iyong sagutang papel.



### **Mga pamprosesong tanong:**

1. Sa iyong sariling ideya para saan ang pera batay sa larawan?
2. Ano ang ibig sabihin ng (BSP) Bangko Sentral ng Pilipinas at ang mga tungkulin nito?



## ***Suriin***


### **Konsepto Bilang I:**

**Patakarang Pananalapi.** Ito ay isang sistemang pinaiiral ng BSP upang makontrol ang supply ng salapi sa sirkulasyon.

**Expansionary Money Policy.** Ito ay pamamaraan ng pamahalaan upang mapasigla ang matamlay na ekonomiya ng bansa. Ipinapatupad ito ng pamahalaan upang mahikayat ang mga negosyante na palakihin pa o magbukas ng bagong negosyo. Ibababa ng pamahalaan ang interes sa pagpapautang kaya mas maraming mamumuhunan ang mahihikayat na humiram ng pera upang idagdag sa kanilang mga negosyo. Makalilikha ito ng maraming trabaho kaya mas marami ang magkakaroon ng kakayahang bumili ng mga produkto at serbisyo na magpapataas ng kabuuang demand para sa sambahayan at bahay-kalakal.

**Contractionary Money Policy.** Ito ay pamamaraan ng pamahalaan kapag nasa bingit ng pagtaas ang pangkalahatang presyo sa ekonomiya. Kapag ang demands ay mas mabilis tumaas kaysa produksiyon, tataas ang presyo. Kapag tumaas na ang presyo, ang mga manggagawa at mga empleyado ay hihingi ng karagdagang sahod. Magbubunga ito ng pagtaas ng presyo ng mga salik ng produksiyon. Kapag tumaas ang presyo ng mga bilingin at ng mga salik sa produksiyon ay nagpatuloy, mas lalong tataas ang pangkalahatang presyo. Upang maiwasan ito, ipapatupad ng BSP ang contractionary money policy upang mabawasan ang paggasta ng sambahayan at ng mga mamumuhunan. Sa pagbabawas ng puhunan, nababawasan din ang produksiyon. Kasabay rito ang pagbabawas ng sahod ng mga manggagawa kaya naman ang paggasta o demand ay bumababa. Sa pamamaraang ito, bumababa ang presyo at nagiging dahilan ng pagbagal ng ekonomiya.

## Konsepto Bilang II:



**Bangko**- ay isang institusyong pampananalapi na tumatanggap ng mga deposito at ginagamit ang mga ito sa mga pagpautang o hindi tuwirang pagpapautang; na maaaring tuwirang pagpapautang o hindi tuwirang pagpapautang gaya ng merkado ng mga capital.

### MGA URI NG BANGKO

- 1. Bangkong Komersyal**- tumatanggap ng lahat ng uri ng deposito tulad ng savings deposits gamit ang tseke, nagpapautang ng malaking halaga ng puhunan.  
Hal: BDO, BPI, Land Bank, PNB, China Bnak at iba pa.
- 2. Thrift Banks**- tinatawag na “savings bank” na humihikayat sa mamamayan na mag-impok.  
Hal: Allied Bank, BPI, City Saving Bank at iba pa.
- 3. Bangkong Rural**- Layong tulungan ang mga magsasaka, maliliit na negosyante at iba pang kanayunna upang mapa-unlad at magkaroon ng puhunan.  
Hal: One Network Bank, Eastwest Bank, Katipunan Bank, Rizal Bank, Rizal Rural Bank.

#### 4. Specialized Government Bank

- a. **Land Bank of the Philippines (LBP)**- Pangunahing bangko ng pamahalaan na ang layunin nito ay magbigay at magpahiram ng pondo sa mga programang pansakahan.
- b. **Development Bank of the Philippines (DBP)**- Tumutulong sa pamahalaan na mapaunlad ang proyektong pangkaunlaran lalo na sa sektor ng Agrikultura at sektor ng Industriya at prayoridad din ng pamahalaan ang mga small and medium scale industry.
- c. **AL-Amanah Islamic Investment Bank of the Philippines (AL-Amanah)**- Pangunahing layunin ang tulungan ang mga Muslim upang mapaunlad ang kanilang kabuhayan.

#### Mga Institusyong Di-Bangko

- 1. **Kooperatiba**- layunin nito ay programang panlipunan at pangkabuhayang pagtutulongan at pagkakaisa.  
Hal. Zaneco Electric Cooperative, Paglaum Cooperative.
- 2. **Bahay Sanglaan o Pawnshop**- nagpapautang ng salapi ngunit may kolateral.  
Hal. Palawan Pawnshop, Cebuana at iba pa.
- 3. **Pension Funds**-
  - a. **Government Service Insurance System (GSIS)**- nagbibigay ng seguro (life insurance) sa mga kawani na nagtatrabaho sa mga ahensiya ng gobyerno, local na pamahalaan, mga korporasyong pag-aari at kontrolado ng gobyerno.
  - b. **Social Security System SSS**- nagbibigay seguro sa mga kawani ng pribadong kompanya at sa kanilang pamilya sa oras ng pangangailangan katulad ng pagkakasakit, pagkabalda, pagretiro, pagkamatay, at pagdadalan-tao.
  - c. **Pagtutulongan sa kinabukasan: Ikaw Bangko, Industriya at Gobyerno (PagIBIG Fund)**- layunin nito na tulungan ang mga kasapi sa papubliko at pamribado na kawani sa pabahay.
- 4. **Registered Companies**: ang mga rehistradong kompanya (registered companies) ay yaong mga kompanya na nakarehistro sa komisyon ng Securities and Exchange Commission o SEC.
- 5. **Pre-Need**- Maaaring magbenta ang isang Pre-need company ng “single” at “multi-plan”, layunin nito na maibigay ang karampatang serbisyo sa takdang panahon o pagbibigay ng naaayong halaga ng pera sa takdang panahon ng pangangailangan.
- 6. **Insurance Companies**- ay mga rehistradong korporasyon sa SEC na bibigyan ng karapatan na mangalakal ng negosyo ng seguro sa Pilipinas.

## **Mga Regulators:**

- 1. Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)-** Itinuturing na bangko ng mga bangko ang Bangko Sentral ng Pilipinas dahil sinusubaybayan nito ang lahat ng institusyon sa pananalapi.

### **Mga Tungkulin ng BSP**

- Mapanatili ang katatagan ng pananalapi
- Maitaguyod ang pagtaas ng antas ng produksiyon, empleyo at tunay na kita ng mamamayan
- Mapangalagaan ang internasyonal na halaga ng piso at ang palitan nito sa dayuhang salapi
- Mapanatili ang katatagan ng presyo na makatutulong sa pagsulong ng ekonomiya

- 2. Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)-** layunin nito na mabigyan ng proteksiyon ang mga depositor at mapanatiling matatag ang sistemang pinansiyal sa bansa.

#### **a. Bilang taga seguro ng depositor (Deposit Insurer)**


1. Pagbabayad ng nakasegurong deposito
2. Assessment at Collection
3. Risk Management

#### **b. Bilang Receiver at Liquidation ng Nagsarang Bangko**

1. Namamahala sa nagsarang bangko
2. Pagbebenta ng ari-arian ng nagsarang Bangko (Liquidation of assets of closed bank)

#### **c. Bilang Imbestigador**

- 3. Securities and Exchange Commission (SEC)-** Nagtatala o nagrerehistro sa mga kompanya sa bansa.
- 4. Insurance Commission (IC)-** Nanganagsiwa at namamatnubay sa mga negosyo ng pagseseguro (Insurance business) layunin nito na panatilihing matatag ang mga kompanyang nagseseguro sa buhay ng tao.



## ***Pagyamanin***


### **Gawain 1: Tambalin Mo ‘To**

Hanapin sa hanay B ang bangkong inilarawan sa hanay A. Gumamit ng sagutang papel.

Hanay A	Hanay B
<ol style="list-style-type: none"><li>1. Dahil sa malaking kapital, ang mga bangkong ito ay nagpapautang para sa ibang layunin tulad ng pabahay at iba pa.</li><li>2. Pangunahing layunin ng mga bangkong ito na hikayatin ang mga tao na magtipid at mag-impok.</li><li>3. Itinatag ito upang mapabuti ang kalagayang pangkabuhayan sa kanayunan.</li><li>4. Pangunahing tungkulin nito na tustusan ng pondo ang programang pansakahan ng pamahalaan.</li><li>5. Layunin ng bangkong ito na mapaunlad ang sector ng agrikultura at industriya, lalo na sa mga programang makakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya.</li></ol>	<ol style="list-style-type: none"><li>A. Savings banks</li><li>B. Land Bank of the Philippines</li><li>C. Bangkong Komersyal</li><li>D. Development Bank of the Philippines</li><li>E. Bangkong Rural</li></ol>


## Gawain 2: Cluster Diagram

Isulat sa bawat bilog ang mga angkop na sagot. Gumamit ng sagutang papel.



## Gawain 3: Ipaliwanag Mo! (Gawin ito sa sagutang papel)

1. Mahalaga ba na mag-iipon ng salapi? Bakit? Pangatwiran.
2. Bakit kailangan tayo ng mga ahensiya na dapat mag-iimpok sa ating salapi?
3. Ano ang epekto ng pag-iipon o pag-iimpok ng salapi?



## **Isagawa**

Bilang mag-aaral, paano mo mapapalago o maparami ang iyong salapi o pera? Isulat sa sagutang papel ang kasagutan.

---

---

---




## **Tayahin**

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap at katanungan. Pagkatapos piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Pangunahing tungkulin nito ay tustusan ng pondo ang programang pansakahan ng pamahalaan.
  - a. Land Bank of the Philippines
  - b. Development Bank of the Philippines
  - c. Rural Banks
  - d. Commercial Banks
2. Ipinapatupad ito ng pamahalaan upang mapasigla ang matamlay na ekonomiya ng bansa.
  - a. Expansionary Fiscal Policy
  - b. Expansionary Money Policy
  - c. Contractionary Fiscal Policy
  - d. Contractionary Money Policy
3. Uri ng bangko na pinapayagang makapagbukas ng mga sangay saan mang panig ng kapuluan lalo na sa mga lugar na wala pang mga bangko.
  - a. Thrift Banks
  - b. Rural Banks
  - c. Commercial Banks
  - d. Land Bank of the Philippines



4. Ano ang tawag sa kapisanan na binubuo ng mga kasapi na may nagkakaisang panlipunan o pangkabuhayang layunin?
  - a. Kooperatiba
  - b. Pawnshop
  - c. Pension Funds
  - d. Pag – IBIG Funds
5. Ang itinalaga ng batas na maging receiver at liquidator ng nagsasarang bangko?
  - a. PDIC
  - b. SEC
  - c. IC
  - d. DBP
6. Layunin ng bangkong ito na mapaunlad ang sektor ng agrikultura at industriya, lalo na sa mga programang makatulong sa pag – unlad ng ekonomiya.
  - a. Land Bank of the Philippines
  - b. Commercial Banks
  - c. Development Bank of the Philippines
  - d. Rural Banks
7. Layunin nito na tulungan ang mga kasapi sa pananhon ng pangangailangan lalong-lalo na sa pabahay.
  - a. Pag-ibig
  - b. SSS
  - c. GSIS
  - d. PDIC
8. Ano ang tawag sa rehistradong korporasyon sa SEC at binigyan ng Karapatan ng Komisyon ng Seguro (Insurance Commission) na mangalakal ng negosyo ng seguro sa Pilipinas?
  - a. Insurance Companies
  - b. Registered Companies
  - c. Pre – Need Companies
  - d. Risk Management Companies
9. Ang ahensyang ito ang nagbibigay ng seguro (life insurance) sa mga kawaning nagtatrabaho sa mga ahensiya ng gobyerno, lokal na pamahalaan, mgakorporasyong pag-aari at kontrolado ng gobyerno at mga guro sa mga pampublikong paaralan.
  - a. Social Security System (SSS)
  - b. Government Service Insurance System (GSIS)
  - c. Pag – IBIG Fund
  - d. Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)
10. Ahensiya ng gobyerno na nagbibigay ng seguro sa mga kawani ng pribadong kompanya at sa kanilang pamilya sa oras ng pangangailangan katulad ng kanyang pagkakasakit, pagkabalda, pagretiro, pagkamatay at pagdadalang – tao kung ang kawani ay babae.
  - a. SSS
  - b. GSIS
  - c. Pag-IBIG
  - d. SEC



## ***Karagdagang Gawain***

### **QUIET TIME:**

Sa pagkakataong ito sumulat ka ng repleksiyon sa patakarang pananalapi bilang isang instrumento sa pagpapatatag ng ekonomiya. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

### **Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang pinakamahalagang aral ang naitala mo sa iyong repleksiyon?
2. Ano ang dahilan at ito ang aral na higit mong naunawaan?
3. Sa iyong palagay, dapat bang matutuhan din ito ng iba pang kabataan at mamamayan? Bakit oo o hindi? Patunayan.

Sa nakaraang aralin, nalaman mo ang kahulugan at kahalagahan ng kagalingang pansibiko. Anu-ano pa kaya ang mga gawaing pansibiko at ang kabutihang maidudulot sa ating bansa ng pagkakaroon ng kamalayan tungkol dito?

Sa modyul na ito matutukoy mo ang mga gawaing lumilintang sa kagalingang pansibiko at maipaliliwanag mo kung ano ang epekto nito sa isang pamayanan o isang indibidwal. Malalaman mo din kung paano ka magiging kabahagi sa pagkakaroon ng kagalingang pansibiko.

### **Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pang- unawa sa pagpapahalaga sa kanyang mga karapatan at tungkulin bilang mamamayang Pilipino.


### **Pamantayan sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay nakikilahok sa mga gawaing pansibiko na nagpapakita sa kanyang pagganap sa kanyang tungkulin bilang mamamayan ng bansa at pagsasabuhay ng kanyang Karapatan.

### **Pamantayan sa Pagkatuto**

Gabay ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Naiisa-isa ang mga gawaing lumilintang sa kagalingang pansibiko.
2. Naipaliliwanag ang mga gawaing lumilintang sa kagalingang pansibiko.



## Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: center;"><b>Subukin</b></p> <p>1. b 2. a 3. a 4. a 5. b 6. a 7. a 8. d 9. a 10. d</p> <p style="text-align: center;"><b>Pagyaamanin</b></p> <p style="text-align: center;"><b>Gawain 1</b></p> <p>1. a 2. c 3. e 4. b 5. d</p>	<p style="text-align: center;"><b>Pagyaamanin</b></p> <p style="text-align: center;"><b>Gawain 2</b></p> <p>A.) 1. Commercial Banks 2. Thrift Banks 3. Rural Banks 4. Specialized Government Banks a. Land Bank of the Philippines b. Development Bank of the Philippines c. Al-Amanah Islamic Investment Bank of the Philippines B.) 1. Kooperatiba 2. Bahay-Sanglaan 3. Pension Funds a. GSIS b. SSS c. Pag-ibig 4. Registered Companies 5. Pre-need Insurance 6. Insurance Companies</p>	<p>C.) 1. BSP 2. PDIC A. Bilang tagaseguro ng deposito a. Pagbabayad ng nakasasegurong deposito b. assessment at collection c. Risk Management B. Bilang Receiver at Liquidator ng nagсарang bangko a. Namamahala ng nagсарang bangko b. Pagbebenta ng art-arian ng nagсарang bangko C. Bilang Imbestigador 3. Securities and Exchange Commission 4. Insurance Commission</p> <p style="text-align: center;"><b>Tayahin</b></p> <p>1. a 2. b 3. c 4. a 5. a 6. c 7. a 8. a 9. b 10. a</p>
--	---	---

# ***Sanggunian***

EKONOMIKS – IKASIYAM NA BAITANG Yunit 3 –Patakarang Pananalapi  
Unang Edisyon 2001

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)